

21. Ama, hinihiling namin na palibutan mo at takpan ang bansang South Africa sa pamamagitan ng iyong makapangyarihang kamay. Panalangin namin ang pagkakaisa sa lupaing ito upang ang mga tao ay tumayong matatag sa kabila ng kanilang pagkakaiba at mamuhay na may habag at biyaya. (Prov. 12:20).

22. Panginoon, salamat dahil ang mga partners ng TWR ay hindi nalilimitahan sa ilang denominasyon. Nawa ay pag-isahin mo ang mga simbahan at denominasyon upang suportahan ang ministryo ng media sa espiritu ng kooperasyon upang ang mensahe ng kaligtasan at pag-asa kay Hesus ay maibahagi. (John 17:20-21).

23. Panginoon, bigyan mo ang mga mananampalataya sa Paraguay ng pusong maawain, mapagpakumbaba at mahabagin, puno ng pagmamahal at naisin na lumakad sa pagkakaisa sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Kristo Hesus. (Col. 3:12).

24. Panginoon, ang iyong ebanghelyo nawa ay makarating sa lahat ng 54 na ethnic groups sa North at South Vietnam. Lahat nawa ay makipagtulungan at makipagkaisa para sa patuloy na pag-unlad sa loob ng bawat rehiyon. (Gal. 3:28).

25. Ama, gumalaw ka sa puso ng mga tao sa Spain na magpatawaran sila sa isa't isa sa mga hidwaan ng nakaraan. Dalhin mo ang pagkakaisa at kapayapaan sa mga taong ito. (John 13:35).

26. Ama, palakasin mo ang pananampalataya ng maliit na bilang ng mga Kristiyano sa Cambodia. Bigyan mo sila ng tapang upang maging asin at ilaw sa kanilang pamayanan. (Matt. 5:16).

27. Si Hesus ang ating kapayapaan, at tinitipon niya ang mga magkakasalungat na grupo – kalalakihan at kababaihan, magkakaibang lahi, magkakalaban na nasyon – pinagkakaisa niya at sinisira ang pader ng poot. (Eph. 2:14).

Tulungan mo kami bilang mananampalataya, Panginoon, na mamuhay sa katotohanang ito sa araw-araw.

28. Panginoon, pinatawad mo ako, kaya tulungan mo ako na magpatawad kapag nasaktan ako. Gawin mo akong mapagmahal sa kapwa, dahil ito ang magbibigay ng pagkakaisa sa amin. Tulungan mo ako na magkaroon ng kapayapaan sa aking puso at sa aking pakikipag-ugnayan sa aking kapwa. Gawin mo akong mapagpasalamat. (Col. 3:13-15).

29. Ama, tulungan mong makita ng mga mananampalataya na sila ay miyembro ng iisang katawan ni Kristo. Hayaan mong ang pagmamahalan ng mga Kristiyano ay lumiwanag sa mundo, at patunayan na mayroong Diyos, dahil ikaw ang pinagmulan ng lahat ng pag-ibig at biyaya. (John 17).

30. Sa Denmark, maraming opinyon kung papaano makitungo sa mga refugees at imigrante. Ang iba ay tinatanggap sila, habang ang iba naman ay ayaw na sila ay nasa bansa. Ipanalangin natin na ang mga mamamayan ng Denmark ay kumilos na may mapagmahal na puso sa mga dayuhan habang ang mga usaping ito ay hinahanapan ng solusyon ng kanilang bansa. (Deut. 10:19).

31. Ipanalangin natin na ang mga Kristiyano sa Cambodia ay huwag magaway-away, lalo na sa Facebook. Panginoon, dinudungisan nito ang aming pagiging saksi ni Kristo. Ibigay mo ang pagkakaisa sa mga simbahan upang maibahagi namin ang pag-asa at pag-ibig ni Hesus sa mga hindi pa mananampalataya. (Eph. 4:31-32).

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2021. 08. PAGKAKAISA + PAGKAKASUNDO

Kapag pinaghalo ang "oxygen" at "hydrogen", nawawala ang kanilang orihinal na mga katangian at sila ay nagiging tubig na may bagong katangian. Sa ganito ring paraan, upang tayo ay magkaroon ng pagkakasundo sa isa't isa, kailangan nating ipagparaya ang para sa ating mga sarili.

"Kayo'y maging mapagpakumbaba, mahinahon at matiyaga. Magparaya kayo dahil sa inyong pagmamahal sa isa't isa. Sikapin ninyong mapanatili ang pagkakaisang mula sa Espiritu, sa pamamagitan ng kapayapaang nagbubuklod sa inyo." (Efesos 4:2-3)

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Ama, aliwin mo ang mga pamilyang tumakas mula sa karahasan sa Burundi at naninirahan sa mga refugee camps. Pagalingin mo ang pait sa kanilang mga kaluluwa. Pahintuin mo ang paulit-ulit na paghihiganti, at sa pamamagitan ng pag-ibig mo, turuan mo sila na magmahal ng walang kondisyon at makapagpatawad tulad ng ginawa Mo. (Matt. 6:12).

2. Panginoon, ang mga paghihigpit at lockdowns ngayong may pandemya ay nagdulot ng maraming pagsubok sa mga mag-asawang Canadian. Panalangin namin ang kapayapaan at pagkakaisa ng mga mag-asawa at ng pamilya. (Matt. 5:9).

3. Kahit na ang Greenlanders ay mamamayang Danish, madalas silang makaranas ng diskriminasyon. Panalangin namin na nawa ay naisin ng mga Danes na unawain ang mga Greenlanders at ang kanilang kultura at tanggapin na sila ay magkapantay. (Rom. 10:11-13).

4. Panginoon, panalangin namin na ang mga lider sa India ay gumawa ayon sa katotohanan, pag-ibig, kapayapaan at pagkakatantay-pantay ng lipunan. Ipinapanalangin namin ang lahat ng nasa awtoridad.

5. Nawa ang 99% na tao sa Japan na hindi naniniwala sa Diyos ay makilala ang Tagapagligtas na si Hesus; makipagkasundo sa Diyos; mapalaya mula sa kasalanan; at makamit ang kapayapaan. (John 8:36)

6. Ama, ang lindol noong 2020 ay nagdulot ng matinding pagkawatak sa mga tao sa Croatia. Pag-isahin mo ang mga lider upang sa ganun ay mapabilis ang pag-aayos sa mga nasirang gusali at mga relasyon. Salamat sa maraming mga simbahan na natutulungan upang muling maipatayo.

7. Panginoon, patatagin mo ang pakikipag-ugnayan at koneksiyon sa pagitan ng mga Kristiyanong mga simbahan at pamayanan sa Finland. Tulungan mo ang iyong mga tagasunod na maintindihan na maraming mga dahilan upang sila ay magkaisa. (1 Pet. 3:8).

8. Panginoon, may mga malalim na pagkawatak-watak sa mga taga Poland. Nawa ay ang mga programa ng Women of Hope tungkol sa pagpapatawad at pagkakaisa ay maabot ang kanilang mga puso na bukas sa pakikipagkasundo. (1 Cor. 1:10).

9. Ipinapanalangin namin ang mga babaeng Kristiyano na nagsisilbi sa ministeryo sa Hongkong na nawa ay makahanap sila ng kanlungan sa iyo Panginoon. "Akin sasabihin tungkol sa Panginoon, siya'y aking kanlungan at aking katibayan, ang Dios ko na siyang aking tinitiwalaan." (Ps. 91:2).

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.

Website: www.twrphilippines.com

Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660

Facebook: TWR Phils

10. Panginoon, walang kapayapaan sa Liberia sa nakaraang 15 taon ng digmaan. Bigyan mo ang bawat mamamayan ng kalakasan at biyaya na magpatawad sa isa't isa; bigyan mo sila ng kagalingan, pagkakaisa at pagkakasundo sa bawat isa. (Rom. 12:16-18).

11. Panginoon, salamat sa Evangelical Children's Camps sa Central Europe. Nawa ang ebanghelyo tungkol kay Hesus ay magbigay ng pag-asa, kaligayahan at bagong buhay sa mga batang dumadalo. (1 Tim. 2:4).

12. Ama, bigyan mo ang mga mag-asawa sa South Korea ng biyaya upang ang bawat isa ay matanggap ang sarili nilang mga pagkukulang bago tingnan ang pagkukulang ng kanilang asawa. Tulungan mo silang gumalang at mahal in ang isa't isa. (Matt. 7:1-2).

13. Panginoon, palakasin mo ang aming grupo sa Ethiopia na tumutulong sa mga kababaihang may sugatang puso sa bansang iyon. Habang ang mga biktima ng digmaan at mga babaing nakabilango ay nakikinig sa iyong ebanghelyo, nawa ay makipagkasundo sila sa iyo at ibahagi ang bagong buhay at pag-asa sa iba. (Ps. 34:18).

14. Ipinapanalangin namin ang mga tinawag para sa ministeryo ng pagpapanumbalik at pagkakaisa. Ipinapakita nila ang pag-ibig ng Diyos sa iba sa pamamagitan ng pagtitiis sa mga maling pagtrato sa kanila dahil sa kanilang tapat na pagsunod kay Hesus. Tulungan mo kaming mahal in ang aming mga kaaway at ipanalangin ang mga umuusig sa amin. (Matt. 5:11-12).

15. Ama, ipinapanalangin namin ang malinaw na komunikasyon at pagkakaisa sa pagitan ng gobyerno ng Pilipinas at ng ibang mga ahensiya upang sama-samang gumawa para sa kabutihan ng mga tao habang ipinapatupad ang mga protocol sa kalusugan ngayong panahon ng pandemya. (Phil. 2:2).

16. Panginoon, panalangin namin ang pagkakaisa ng mga ethnic groups sa Romania. Nawa ang mga tao doon ay makipagkasundo sa iyo bilang kanilang Tagapagligtas at tanggapin sila ng mga pamayanan sa Romania. (Rom. 15:5-7).

17. Panalangin namin na ang mga Kristiyano sa Bonaire ay isantabi ang kanilang pagkaka-iba, magkaisa at purihin ka ng may iisang pag-iisip. Umapaw nawa ang iyong pag-ibig at biyaya, at sila ay magkasundo upang ang iyong pagmamahal ay maipahayag. (Ps. 133).

18. Panginoon, maraming beses na ang libu-libong tribo sa Indonesia na may iba't ibang mga salita at relihiyon ay hindi nagkakasundo. Sinisira ang mga simbahan at pinapahirapan ang mga Kristiyano. Mamuhay nawa ang mga Kristiyano katulad ni Kristo at maging daluyan ng pagmamahal at kapayapaan. (Ps. 9:9).

19. Ama, panalangin namin na ang mga manggagawa at mga may-ari ng negosyo sa Portugal ay magkaroon ng paggalang at dignidad sa bawat isa. Lutasin sana nila ang kanilang mga hidwaan sa mapayapang paraan. (1 Pet. 2:17).

20. Panginoon, bigyan mo ang grupo ng Women of Hope sa North Caucasus ng karunungan at tapang upang sila ay maging ilaw para sa iyo sa mga rehiyon na nagpapahayag ng Islam. Ibigay mo ang kapayapaan sa mga rehiyong ito. (Ps. 93:1-2).